Title: Ano Ang Utang ng Tao sa Dios?

Text: Malachi 3:8 "Will a man rob God? Yet ye have robbed me. But ye say, Wherein have we robbed thee? In tithes and offerings."

Pagsasalin: Maari bang nakawan ng tao ang Dios? Pero ninanakawan ninyo ako. At nagtatanong pa kayo, "Paano namin kayo ninanakawan?" Sa ikapu at sa mga handog.

Panimula:

1. Ang paksa natin ngayon ay kung ano ang utang natin sa Dios.
2. Maari bang nakawan ng tao ang Dios? Pwede ba ito mangyari? Hindi ba ang Dios ay mayari ng lahat ng nasa buong mundo?
3. Ang mga pari sa kapanuhan ni Malachi ay nagpapanggap lang na hindi nila alam na ninanakawan nila ang ikapu at ang mga handog para sa pagsusuporta ng Templo ng Panginoon.
4. Ito ang bibigyan nating pansin ngayon: Paano Natin Ninanakawan ang Dios.

I. **Ang Kalagayan o Kondisyon ng Isang Magnanakaw**:
   A. Ang "robbed" o "pagnanakaw" ay nangangahulugan ng pagtatakip ng pag-gawa ng kamalian. Ginagawa itong kamalian pero nais parin ng magnanakaw na manatili ang kanyang respeto (anyo lamang). Lihim na gawa ito. Ayaw niya na siya ay masumpungang magnanakaw.
   B. Ganito rin ang ugali ng tao. Ninanakawan nila ang Dios, pero tinatakpan nila ito at gusto nila na manatiling matuwid sa kanilang mga mata o sa mata ng tao. Ang kanilang katuwiran ay pakitang tao lamang.
   C. Tanongin natin ang magnanakaw – bakit ka naging magnanakaw – kasi nagipit ako; kasi ang mga magulang ko; kasi ang sitwasyon ko. Palaging may dahilan kasi ayaw niyang aminin sa kanyang sarili na siya ay makasalanan. Kait, Pagtatanggi, sa kanyang kondisoyon.

II. **Ang Mga Bagay ng Panginoon na Ninanakawan ng Tao**:
   A. Ang pagsamba at pagbibigay ng pasasalamat sa Dios.
   B. Pag-ibig sa Dios.
   C. Pagsunod sa Kanya.
   D. Pagbibigay pansin sa Kanya, at sa Kanyang mga salita.
   E. Paglingkod natin sa Kanya.
   F. Inaaksaya natin ang ating: oras, lakas, talion, kakayahan, pagkakataon, buhay at ambisyon.

III. **Ang Mga Bagay ng Panginoon na Hindi Maaring Nakawin ng Tao**:
   A. Ang kapatawaran ng mga kasalanan.
   B. Buhay na walang hanggan na kapiling ang Dios magpakailananman.
   C. Kaligtasan.
   D. Espituwal na buhay.
   E. Layunin ng Dios
   F. Kapayapaan ng Dios – hindi ito pwedeng nakawan.
   G. Ang tulong ng Dios – hindi ito pwedeng nakawan. Ito ay gawa lamang ng Dios.
   H. Ang Langit ng Dios – hindi mo ito pwedeng nakawan. Ang tanging mga bagay lamang na pwedeng nakawan ng tao ay ang mga bagay ng mundong ito: lumilipas (buhay, kawatawan, kalakasan, kalusugan, katalinuhan, lahat ng ito ay balang araw lilipas rin; sisingilin tayo ng dakilang Manlilikha).
   I. Liwanag ng Kanyang mga salita – wala kang bahagi dito.

Katapusan:

1. Ang taong nagnakaw sa Dios ay hindi lamang magnanakaw pero siya rin ay sumasailalim ng sumpa ng Dios (v.9) – "cursed" ay nangangahulugang rejected, reviled, itnatakwil.
2. Hindi lamang na tayo ay magnanakaw, pero sa gitna ng ating pagnanakaw ay iba't-ibang uri ng kasamaan: kasinugalingan, kalasawaan, kabaluktutan, katiwalian, pagmamatigas, pagmamataas, pagkukunwari, kasakiman, mainggitin, mandaraya, mapaggulo, palaging nagiisip ng masama, mamamatay-tao (sa puso, sa isisp), mapanirang-puri (tsismis), suwail sa mga magulang, walang awa, walang pagmamalasakit para sa kapwa, kahangalan.
3. Lahat ng maaring nakawin ng tao sa Dios ay pansamantalang mga bagay lamang. Sisingilin parin tayo ng Dios, balang araw. Huwag pagkamalian ang pasensya ng Dios at akalahin na Siya ay pabaya.
4. Magsisi tayo sa kasalanan, sa sariling pamamaraan, sa mga maling paniniwala, at tanggapin si Jesus.
5. Kaibigan magsisi. At tumingin ka kay Jesus- tangappin mo siya sa pamamagitan ng pananampalataya at hindi bubuksan niya ang kalangitan at ibubuhos niya ang kanyang grasya sa iyo, alang-alang kay Jesu-Christo.